Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO
## Ikatlong Markahan – Modyul 8

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Carina Reyes Evangelista
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Carina Reyes Evangelista
**Tagasuri ng Nilalaman:** Elvira F. Siason
**Tagasuri ng Wika:** Rico C. Tarectecan
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS

**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# PAGLISAN (BUOD)
# NOBELA MULA SA NIGERIA
# GRAMATIKA AT RETORIKA: PANG-UGNAY NA GAMIT SA PAGPAPALIWANAG

## INAASAHAN

Ang aralin sa Modyul 8 ay naglalaman ng buod ng Nobelang **"Paglisan"** mula sa bansang Nigeria na isinulat ni Chinua Achebe at isinalin sa Filipino ni Julieta U.Rivera. Sa pagtatapos ng araling ito ikaw ay inaasahang magpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa akdang pampanitikan ng Africa sa tulong ng pang-ugnay na ginamit sa pagpapaliwanag at mabisang pagsusuri sa halaw ng nobela. Sa pagtatapos ng pag-aaral sa SLEM na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

Sa SLEM na ito inaasahan na ang mga mag-aaral ay:

1. Natutukoy ang tradisyong kinamulatan ng Africa at/o Persia batay sa napakinggang diyalogo **(F10PN-IIIh-i-85)**
2. Nasusuri ang binasang kabanata ng Nobela batay sa pananaw/ teoryang pampanitikan na angkop dito. **(F10PB-IIIh-i-85)**
3. Nasusuri ang napanood na excerpt ng isinapelikulang nobela. (**F10PD-III-i-79)**
4. Nailalapat nang may kaisahan at magkakaugnay na mga talata gamit ang mga pang-ugnay sa panuring pampelikula. (**F10PS-III-i-83)**
5. Nagagamit ang iba't ibang batis ng impormasyon tungkol sa magagandang katangian ng bansang Africa at/o Persia (**F10Ep-IIf-32)**

## UNANG PAGSUBOK

Bago tayo magsimula sa ating aralin para sa ikawalong Modyul, subukin muna natin ang iyong kaalaman para sa paksang ating tatalakayin. Handa ka na ba?

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong. Isulat sa hiwalay at malinis na papel ang letra ng pinakatamang sagot.

1. Isang mahabang kathang pampanitikan na naglalahad ng mga pangyayaring naghahabi sa isang mahusay na pagbabalangkas.Nag-iiwan ng isang kakintalan sa isip ng mambabasa.
   A. Dula B. Karilyo C. Nobela D. Maikling Kuwento
2. Teoryang pinaniniwalaang ang tao ay dapat mabilang bilang tao, naglalaman ng suliranin sa kaniya lamang, may mga pagsubok at resposibilidad na kailangan niyang tanggapin.
   A. Eksistensyalismo C. Naturalismo
   B. Humanismo D. Romantismo

3. Si Chinua Achebe ay kinikilala bilang _______
   A. Ama ng Panitikang Africa
   B. Ama ng Maikling kuwentong Nigeria
   C. Manunulat ng mga kilalang nobela
   D. Pangulo ng Nigeria

**Para sa bilang 4 at 5**

> Ayaw ni Okonkwo sa mahihina. Sa ganoong paraan niya pilit na iwinawaksi ang tumatak sa pagkatao ng kaniyang amang si Unoka sa kanilang pamayanan. Tamad, baon sa utang, mahina, at walang kuwenta sapagkat ni isang laban ay walang naipanalo ang kaniyang ama. Mag-isang hinubog ni Okonkwo ang kaniyang kapalaran. Nagsumikap maiangat ang buhay, nagkaroon ng maraming ari-ariang sapat upang magkaroon ng tatlong asawa. Titulo sa mga laban, at higit sa lahat pagkilala mula sa katribo.
>
> ***Hango sa Paglisan( Buod) Isinalin ni Juliet U.Rivera***

4. Ano ang mahihinuha sa pagkatao ni Okon kwo batay sa kaniyang desisyon sa buhay?
   A. mapaghiganti
   B. may isang salita
   C. puno ng hinanakit
   D. may determinasyon sa buhay
5. Sa iyong palagay, bakit gusto ni Okonkwo na makilala sya ng kaniyang mga katribo?
   A. mahina ang kaniyang ama
   B. gusto nyang maghiganti sa kaniyang ama
   C. dahil walang kuwenta ang kaniyang ama
   D. gusto niya ng karangalan, pangalan at katanyagan
6. Ang akdang Paglisan ay isang nobelang nanggaling sa bansang____
   A. Africa B. Nigeria C. Mali D. Persia
7. Ang may akda ng nobelang “**Paglisan”** ay si_______
   A. Chinua Achebe
   B. Barbara Kimenye
   C. Mullah Nassredin
   D. Nelson Mandela
8. Elemento ng nobela na nagpapagalaw at nagbibigay- buhay sa takbo ng kuwento.
   A. banghay B. damdamin C. tauhan D. tema
9. Ang duwag at bulagsak na ama ni Okonkwo.
   A. Cowrie B. Ekwe C. Igbo D. Unoka
10. Yari sa shell na ginagamit bilang palamuti ng mga Africano. Ginagamit din ito sa ritwal at paniniwalang pangrelihiyon.
   A. Cowrie B.Ekwe C. Igbo D. Ogene

## BALIK-TANAW

Bago tayo magsimula sa ating aralin, alamin muna natin kung ano ang natutuhan sa Aralin na nasa Modyul 7…Simulan na natin sa aking inihandang pagsasanay.

Panuto: Gamit ang dating kaalaman o prior knowledge tukuyin at ipaliwanag mo ang lahat ng bagay na natutunan mo sa sanaysay.

***Mga natutuhan ko tungkol sa TALUMPATI ni Nelson Mandela***

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang nobela ay isang masining na akdang pampanitikan na naglalahad ng mga hinabing pangyayari ayon sa karanasan ng tao. Inilalarawan dito ang panlipunang pagbabago na nararanasan sa aktuwal na buhay sa pamamagitan ng mga kabanatang inayos at masusing ibinalangkas upang ang mga pangyayari ay makapukaw ng damdamin at malinaw na maiparating sa mga mambabasa ang mangingibabaw na kaisipan at mensahe nito.

Ang isang nobela ay nagtataglay rin ng teoryang pampanitikan. Isa sa mga teoryang malimit makita sa nobela ay ang *Teoryang Eksistensyalismo*. Sa teoryang ito, ay pinaniniwalang ang tao ay dapat mabilang bilang tao. Mayroon siyang suliranin sa kaniya lamang, may mga pagsubok at responsibilidad na kailangang niyang tanggapin. Sa pakikipag-ugnayan nila sa lipunan, kailangan niyang pumili sapagkat nasa katauhan niya ang pagiging tao.

Basahin natin ang isang halimbawa ng buod ng nobela na nanggaling sa bansang Nigeria na isinulat ni isang mahusay na nobelista na itinuturing na ama ng Panitikang Africa na si Chinua Achebe na isinalin sa Filipino ni Julieta U.Rivera.

### Paglisan (Buod)

Things Fall Apart ni Chinua Achebe
Isinalin sa Filipino ni Julieta U. Rivera

Si Okonkwo, isang matapang at respetadong mandirigma, nagmula sa lahi ng mga Umuofia, isang hindi gaanong kilala at hindi kalakihang tribo sa Nigeria.

Labingwalong taong gulang noon si Okonkwo nang matalo niya sa isang labanan si Amalinze, ang Pusa. Dahil dito kinilala ang katapangan ni Okonkwo mula Umuofia

hanggang Mbaino. Sa maraming pagkakataon, ipinamalas ni Okonkwo ang kaniyang katapangan upang mapagtakpan ang laman ng kaniyang dibdib laban sa kaniyang ama, si Unoka na sa kaniyang tingin ay mahina at talunan. Walang nagawang mahusay ang kaniyang amang si Unoka dahil sa kaniyang katamaran. Sa halip, puro kahihiyan ang iniwan nito sa kanilang pamilya sapagkat nag-iwan pa ito ng maraming utang sa mga kanayon bukod pa sa pinabayaan niya ang kaniyang pamilya. Ang naging buhay na ito ni Unoka ay laban kay Okonkwo. Kaya pinatunayan niyang naiiba siya sa kaniyang ama. Para patunayan ang kaniyang kakayahan sa pamumuno, pinamahalaan niya ang siyam na nayon. At siya ay nagtagumpay. Tatlo ang kaniyang naging asawa, nakapundar ng mga ari-arian na nagpapatunay lamang ng kaniyang pagiging masipag. Naging matapang na mandirigma at makapangyarihan siya sa buong nayon. Dahil dito, siya ay kinilalang lider ng kanilang tribo
Dahil sa kaniyang kakayahan sa pamumuno, pinili si Okonkwo ng mga kanayon upang ipagtanggol si Ikemefuna, ang lalaking kinuha bilang tanda ng pakikipagkasundo sa kapayapaan sa pagitan ng Umuofia at isang nayon pagkatapos mapatay ng tatay ni Ikemefuna ang isang babaeng Umuofian. Tumira ang batang lalaki kina Okonkwo. Naging magiliw at magkasundo naman ang dalawa. Itinuring ng bata si Okonkwo bilang pangalawang magulang.

Isang araw, lihim na ipinaalam ni Ogbuefi Ezeudu, isa sa matatandang taga-Umuofia, ang planong pagpatay kay Ikemefuna. Binalaan ni Ezeudo na huwag makialam sa planong ito si Okonkwo. “Hindi ka dapat makialam sa isasagawang iyon ng kalalakihan ng Umuofia sapagkat isang ama na ang turing ni Ikemefuna sa iyo,” wika ni Ogbuefi Ezeudu kay Okonkwo. Dahil dito, gumawa ng paraan si Okonkwo. Pinaniwala niyang ihahatid na si Ikemefuna sa kaniyang tunay na ina. Naglakbay ang bata kasama ang ilang kalalakihan ng Umuofia. Sa gitna ng kanilang paglalakbay, sinugod ng mga kasamang lalaki si Ikemefuna upang patayin ngunit nakatakas ang bata. Nagpasaklolo ito sa kaniyang ama-amahan. Noon ay nasa harapan ng mga katribo si Okonkwo upang mapanatili ang ipinakitang katapangan, tinaga niya ang bata sa harapan nila sa kabila ng paghingi ng awa sa itinuring na ama. Nakalimutan ni Okonkwo ang naging usapan nila ni Ogbuefi Ezeudu. Umuwi si Okonkwo na mag-isa. Wala na ang batang tumulong at gumabay sa kaniya. Naging simula naman iyon ng malaking pagbabago kay Okonkwo. Hindi na siya makakain, hindi na makatulog, hindi na rin makapag-isip nang maayos. Ramdam niya sa kaniyang sarili ang depresyong siya rin naman ang may pagkakamali kaya't upang maibsan ang kapighatian at huwag matulad sa kaniyang ama na isang sawi ay nagtungo siya sa kaniyang kaibigang si Obierika. Humingi siya ng payo rito at nakaramdam naman siya ng kaunting gaan ng loob. Nagkasakit naman noon si Ezinma, anak na babae ni Okonkwo, ngunit gumaling din sa tulong ng mga halamang gamot na ipinanlunas ng kaniyang ama.

Lumipas ang panahon, nabalitaan ni Okonkwo na namatay si Ogbuefi Ezeudu. Nakaramdam ng konsensiya si Okonkwo sapagkat nang huling makausap niya ito ay noong bigyan siya nito ng babala tungkol sa pagkonsulta sa orakulo na papatayin si Ikemefuna. Pinuno ng malalakas na tunog ng tambol na sinasabayan ng alingawngaw ng malakas na putok ng baril ang maririnig sa paligid habang nakaburol si Ogbuefi Ezeudu. Kagimbal-gimbal na trahedya ang bumulaga sa lahat ng mga naroroon nang pumutok ang baril ni Okonkwo at tamaan ang labing-animna taong gulang na anak ng yumao. Dahil dito, kailangang pagbayaran ni Okonkwo ang nagawang kasalanan laban sa kaniyang kaangkan. Isang malaking pagkakasala sa diyosa ng lupa ang pumatay at

makapatay ng kauri. Hinakot lahat ni Okonkwo ang kaniyang mga ari-arian at mahahalagang kagamitan at nagtungo sa Mbanta, lugar ng kapanganakan ng kaniyang ina dala ang kaniyang buong pamilya. Sinunog ang mga natirang hayop, kubo, at mga naiwang pag-aari ni Okonkwo tanda ng paglilinis sa buong pamayanan sa kasalanan nito. Malugod naman silang tinanggap ng mga kaanak higit lalo ang tiyuhin nitong si Uchendu. Tinulungan nila sina Okonkwo na makapagpatayo ng kanilang munting pamayanan at pinahiram ng mga butil na pagsisimulan ng kanilang munting kabukiran. Malagim at mahirap man ang sinapit ni Okonkwo, pinilit niyang tanggapin ang lahat at muling magbalik sa kung saan siya nagmula

Dumaan ang dalawang taon ng pagkakapatapon kina Okonkwo. Sa mga taong iyon matiyagang kinukuha at inaani ni Obierika ang mga pananim ni Okonkwo sa dating lugar. Ibinebenta niya ito at ibinibigay ang pinagbilihan kay Okonkwo. Buong sipag niya itong ginagawa hanggang sa makabalik na si Okonkwo sa Umuofia. Isang masamang balita naman noon ang ipinabatid ni Obierika nang minsang nagdala siya ng pinagbilhan kay Okonkwo. Winasak daw ng mga puti ang Abame, isa ding pamayanan ng mga Umuofia.

Hindi naglaon, may mga dumating na misyonero sa Mbanta. Sa tulong ng isang interpreter na si G. Kiaga, kinausap ni G. Brown, lider ng mga misyonero ang mga taga-Mbanta. Ayon sa kanila, ang pagsamba sa mga diyos-diyosan ay isang malaking kasalanan at hindi katanggap-tanggap sa simbahan. Lalong hindi maunawaan ng mga taga-Mbanta kung paanong ang Tatlong Persona ay naging iisang Diyos katulad ng ipinaliliwanag ng mga misyonero tungkol sa dapat na pagsamba sa iisa lamang na Panginoon. Layunin ng mga misyonero na dalhin ang Kristiyanismo sa Mbanta at hindi ang tuligsain sila. Nagkasakit si G. Brown at pinalitan ni Rev. James Smith, isang malupit at bugnuting misyonero. Nagkaroon ng relihiyon ang mga taga-Mbanta. Habang isinasagawa ang taunang seremonya para sa pagsamba sa Bathala ng Lupa hinablot ni Enoch ang takip sa mukha ng isang Egwugwu, katumbas ng pagkitil sa espiritu ng mga ninuno. Kinabukasan, sinunog ng Egwugwu ang tahanan ni Enoch at ang simbahang itinayo nina Rev. Smith.

Ikinapanlumo ng Komisyoner ng distrito ang naganap na panununog sa kanilang simbahan. Dahil dito humiling siya ng pakikipagpulong sa pinuno ng mga Umuofia. Sa pulong, pinosasan ang mga dumalong pinuno ng mga Umuofia at ikinulong. Nakatikim ng pandudusta, masasakit na salita at pang-aabuso ang mga pinuno ng Umuofia

Pagkatapos mapalaya ang mga bilanggo, agad silang nagpulong at napagkasunduang tumiwalag. Inakala ni Okonkwo na nais ng mga kaangkan na maghimagsik kung kaya't gamit ang machete pinatay niya ang pinuno ng mga mensaherong lumapit sa mga kaangkan niya. Hinayaan naman ng tao na makatakas ang iba pang mensahero at doon napagtanto ni Okonkwo na hindi handa ang kaniyang mga kaangkan sa isang giyera.

Dumating sa lugar ni Okonkwo ang Komisyoner ng Distrito upang imbitahan siya sa isang pagdinig sa korte subalit natagpuan na lamang niyang nakabitin si Okonkwo. Nagpatiwakal si Okonkwo. Ibinaba nina Obierika ang katawan ni Okonkwo. Gumimbal sa buong nayon ang nangyaring ito sapagkat kinikilala nila na ang pagpapatiwakal ay isang malaking kasalanan at bukod dito si Okonkwo ay nakilala sa pagiging matapang at malakas. "Ang taong iyan ay kilala at tanyag sa buong nayon, dahil sa kaniyang ginawang pagpapatiwakal, matutulad lamang siya sa isang inilibing na aso." sabi ni Obierika, ang kaniyang kaibigan

- Mula sa Elements of Literature nina Holt et. al. 2008. Texas, USA


**Tanong:**

1. Suriin ang bahagi ng buhay ni Okonkwo na nagpapakita ng kaniyang pagsisikap upang magtagumpay sa kaniyang mga ginawa nang mapatunayang iba siya sa kaniyang ama.
2. Ibigay ang bahagi ng akda na naglalahad ng kamalayan ng mamamayan sa kanilang uri ng pamumuhay, tradisyon, suliranin at iba pang aspeto ng katotohanan ng buhay.
3. Sa iyong palagay, ang mga magagandang tanawin ba sa Nigeria ay nagkaroon ng tatak sa larangan ng panitikan, pagkatapos ninyong basahin ang akda?

## GAWAIN

Pagsasanay bilang 1: Talasalitaan: Suriin ang mga salitang nasa loob ng bilog pagkatapos, magbigay ng kaugnay na salita.

**Halimbawa:** *Ang salitang mataas, matangkad, matarik at matayog ay para sa tao, ang matarik ay para sa bundok, ang matayog ay para sa isip at anumang bagay na lumilipad sa himpapawid at ang mataas ay maaaring sa tao o gusali.*




Pagsasanay bilang 2: Tukuyin ang tradisyong kinamulatan ng mga taga -Africa /Persia batay sa napakingan diyalogo sa nobela.

| DIYALOGO SA AKDA | TRADISYONG KINAMULATAN SA AFRICA |
|---|---|
| *Sapagka't ang pagpatay ng kalahi ay isang kasalanan laban sa diyosa ng lupa, mamumuhay si Okonkwo at ang kaniyang pamilya sa malayong lugar bilang desterado( exile).* | ____________________<br>____________________<br>__________________ |
| *Ang kamatayan ni Ezeudu ay ipinaalam sa karatig bayan sa pamamagitan ng ekwe, instrumentong musical.* | ____________________<br>____________________<br>__________________ |

# TANDAAN

**Pag-uugnay sa Gramatika:**

Sa larangan ng panitikan, ang pagsusuri ay iniuugnay sa pag -aaral ng elementong taglay ng ng mga akdang pampanitikan maging mabisa nito sa isip at damdamin ng mga mambabasa.

Sa pagsusuri, halimbawa sa isang nobela, mabuting maunawaan ang nilalaman o paksa ng akda upang matukoy ang daloy ng mga pangyayari. Kung maayos ba ang pagkakasunod-sunod nito at magkaka-ugnay ba o kaya naman walang kaisahan. Dapat ding pagtuunan ng pansin ang mga tauhang gumaganap, tagpuan, diyalogo, damdaming nangibabaw estilo ng may akda at iba pang elemento ng nobela.

Ang pagpapaliwanag ay isang uri ng paglalahad na naglalayong bigyan linaw ang isang bagay o isyung pinag-uusapan na hindi malinaw.

**Mga Paraan sa Pagpapaliwanag:**

- Pagpapalawak o pagpapaliwanag ng kahulugan
- Pagbibigay ng detalye at higit na paglalarawan.
- Pagbibigay ng halimbawa

Sa pagpapaliwanag, makakatulong ang paggamit ng mga pang-ugnay. Bukod sa nagiging mabisa ang pagpapaliwanag, magaang ding paraan ng pagbigkas. Sa mga pang-ugnay ginagamit natin ang pang-angkop na *na* at *ng.*

Pang-angkop na *na-* kung nagtatapos sa katinig ang unang salitang kaugnay na kasunod na salita.

***Halimbawa***: *Ginagalang na mandirigma; Marangal na pinun; Itinuturing na anak*

Pang-angkop na *ng-* ginagamit ang -ng kung magtatapos na patinig ang unang salitang kaugnay na kasunod na salita.

***Halimbawa***: *Batang lalaki, sariling bayan, Masamang balita.*

Bukod sa mga pang-angkop ang **pangatnig** na *bagama't, upang, at, kapag, kung* at iba pang pangatnig ay maaring magamit sa mahusay at mabisang pagpapaliwanag.

# PAG-ALAM SA MGA NATUTUNAN

Gawain Blg. 1: Manood ng isang nobelang isinapelikula at ihambing ito sa nobelang tinalakay batay sa sumusunod. Gumamit ng mga pang-ugnay.

| Batayan | Pamagat ng nobelang isina-pelikula | Tinalakay na Nobela |
|---|---|---|
| Paksa | | |
| Istilo | | |
| Katangian ngTauhan | | |
| Mensahe | | |

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong. Isulat sa hiwalay at malinis na papel ang letra ng pinakatamang sagot.

1. Si Cinua Achebe ay kinikilala bilang ______
   A. ama ng panitikang Africa
   B. ama ng maikling kuwento ng Nigeria
   C. manunulat ng mga kilalang nobela
   D. pangulo ng Nigeria
2. Isang mahabang pampanitkan na naglalahad ng mga pangyayaring naghahabi sa isang mahusay na pagbabalangkas. Nag-iiwan ng kakintalan sa isip ng mga mambabasa.
   A. dula B. karilyo C. nobela D. maikling kuwento
3. Ang akdang **Paglisan** ay isang nobelang nanggaling sa bansang_________
   A. Africa B. Nigeria C. Mali D. Persia
4. Yaris at shell na ginagamit bilang palamuti ng mga Africano. Ginagamit ding ritwal sa paniniwalang panrelihiyon.
   A. Cowrie B. Ekwe C. Igbo D. Ogene
5. Elemento ng nobela na nagpapagalaw at nagbibigay- buhay sa takbo ng kuwento.
   A. banghay B. damdamin C. tauhan D. tema
6. Ang duwag at bulagsak na ama ni Okonkwo
   A. Cowrie B. Ekwe C. Igbo D. Unoka
7. Teoryang pinaniniwalaan ang tao ay dapat mabilang bilang tao, naglalaman ng suliranin sa kanya lamang, may pagsubok at resposibilidad na kailangang tanggapin.
   A. Eksistensyalismo
   B. Humanismo
   C. Naturalismo
   D. Romantisismo
8. Ang may-akda ng nobelang **Paglisan** ay si
   A. Chinua Achebe
   B. Barbara Kimenye
   C. Mullah Nassredin
   D. Nelson Mandela

***Para sa 9 at 10***

> Ayaw ni Okonkwo sa, mahihina. Sa ganoong paraan niya pilit na iwinawaksi ang tumatak sa pagkatao ng kaniyang ama si Unoka sa kanilang pamayanan. Tamad, baon sa utang, mahina, at walang kuwenta sapagkat ni isang laban ay walang naipanalo ang kaniyang ama. Mag-isang hinubog ni Okonkwo ang kaniyang kapalaran. Nagsumikap maiangat ang buhay, nagkaroon ng maraming ari-ariang sapat upang magkaroon ng tatlong asawa. Titulo sa mga laban, at higit sa lahat pagkilala mula sa katribo. ***Hango sa Paglisan( Buod) Isinalin ni Juliet U.Rivera***

9. Sa iyong palagay bakit gusto ni Okonwo na makilala ng kaniyang mga katribo?
   A. mahina ang kaniyang ama
   B. gusto niyang maghiganti sa kanyang ama
   C. dahil walang kwenta ang kaniyang ama
   D. gusto niya ng karangalan, pangalan, at katanyagan
10. Ano ang mahihinuha mo sa pagkatao ni Okonkwo, batay sa kaniyang desisyon sa buhay.
   A. mapaghiganti
   B. may isang salita
   C. puno ng hinanakit
   D. may determinasyon sa buhay

## SANGGUNIAN


Ambat, Vilma C., et al. Filipino 10: Modyul Para sa Mag-aaral, Unang Edisyon, Vibal Groups Inc, 2015. Pahina 319-333

Guererro, Perla, et al. Kayumanggi sa Filipino, Leo-Ross Publication, 2015. Pahina 67-80

War Ville (Author of the Post), Rivera, Julieta U. (Translator), Chinua Achebe (Author), and. "Paglisan (Buod)." filipino10niwarville. (blog). Entry posted August 11, 2015. Accessed January 27, 2021. http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/paglisan-buod.html.


## SUSI SA PAGWAWASTO

**Unang Pagsubok:**

1. C
2. A
3. A
4. D
5. D
6. B
7. A
8. C
9. D
10. B

**Gawain**

Pagsasanay 1

1. Abubot
2. Dekorasyon
3. Ipinaalam
4. Isinangguni
5. Napagtagumpayan
6. Nalagpasan
7. Kagulat-gulat
8. Kataka-taka

**Pangwakas na Pagsusulit:**

1. A
2. C
3. B
4. B
5. C
6. D
7. A
8. A
9. D
10. D